Sangguniang Panglungsod

**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-70**

**KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG WALONG DAANG LIBONG PISO (P800,000.00) NA GAGAMITIN NG MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD BILANG TULONG SA MGA BIKTIMA NG NAKARAANG KALAMIDAD.**

*******************************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kgg. Rufino B. Joaquin**

*******************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ayon sa **Artikulo 100 (a),** ng Mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad sa Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sanggunian ay may kapangyarihan, tungkulin at gawain na magpatibay ng mga kapasiyahan at magtakda ng mga pondo para sa kapakanang-panlahat ng bayan ng mamamayan nito ayon sa itinatakda ng Seksiyon 16 ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991;

**SAPAGKAT**, ayon sa **Artikulo 100 (a) (1) (iv)** ng nabanggit na Alituntunin, ang Sanggunian ay may kapangyarihang gumawa ng hakbang upang mapangalagaan ang mga mamamayan ng bayan buhat sa mga mapinsalang epekto ng mga gawang-tao o natural na malalaking sakuna at maglalaan ng paglilingkod at pagbibigay tulong sa mga biktima sa panahon at pagkatapos ng nasabing malaking sakuna o mga kalamidad at sa kanilang pagbabalik sa kapakipakinabang na pamumuhay pagkatapos ng nasabing pangyayari;

**SAPAGKAT,** noong **19 Agosto 1997,** ang Lungsod ng Muntinlupa ay isa sa mga nadaanan at sinalanta ng **Bagyong Ibyang;**

**SAPAGKAT,** bunga ng ng nasabing kalamidad, maraming mamamayan sa lungsod ang naapektuhan at nawalan ng tahanan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na maglaan ng halagang Walong Daang Libong Piso (P800,000.00) na kukunin sa Special Activities Fund upang gamitin ng mga Miyembro ng Sangguniang Panglungsod bilang tulong sa mga biktima ng nakaraang kalamidad.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na ang nabanggit na halaga ay babahaginin ayon sa sumusunod : **Limampung Libong Piso (P50,000.00) sa bawat Konsehal at Isangdaang Libong Piso (P100,000.00) para sa Pangalawang Punonglungsod**

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **25 Agosto 1997, sa ginanap na ika-95 Regular na Sesyon.**

SUMANG-AYON :

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punongbarangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

*Pahina -3-*
*Kapasiyahang Panglungsod Bilang 97-70*

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

9/24/97

**Petsa :**____________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196